# Declaration, Statement, & Call to Action

Haliya Women Philippines

# Declaration of Haliya Women Philippines

**Haliya Women Philippines** is a small all-Filipino women group that has been formed since 2025. We are a volunteer group of women advocating for women's sex-based rights in the Philippines, dedicated in defending Filipino women's welfare and safety in such ways that we are:

- Emphasizing the importance of viewing women's rights on the basis of biological sex rather than gender.

- Advocating for the rights of Filipino women and girls, especially lesbian women or same-sex attracted Filipino women (regardless of how they identify themselves), and ensuring they are fully seen, heard, and respected in this advocacy. We firmly recognize that sexual orientation is distinct from gender identity, and in doing so, we also stand in support of gay and bisexual men.

- Advocating for women's sex-based rights in ways that are firmly grounded in biological truth, addressing the challenges they face as women, and centering their lived realities.

- Reasserting the importance of biological sex recognition across all spaces and systems that affect women, including laws and policies, women-only spaces such as comfort rooms, lockers, gyms, dormitories, and fitting rooms, sports and award categories, healthcare services, and women's shelters.

**Haliya Women Philippines** as a volunteer group is established with a focus on emphasizing that we are:

- As a group, do not align with any political ideology. We respect that individual contributors may hold their own political views, as that is their right as individuals. Haliya Women Philippines remains independent and does not represent any contributor's personal political stance.

- Unaffiliated with and uninfluenced by any groups, organizations, parties, legal bodies, or religious institutions, and we do not and will not represent any of these.

- Organizing to serve as a digital platform for Filipino women's voices, ensuring their narratives and their perspectives are respected and heard.

# Statement on the Preservation of Women's Sex-based Rights

As a volunteer group dedicated to the protection of women's sex-based rights, we believe that it is imperative to confront the urgent challenge of the growing marginalization of these rights in laws and policies worldwide. With this, we are committed to:

- Raising the resulting conflicts and harms imposed on women in the gender identity discourse. Examining the context of which the terms are defined, used, and originated. This also includes addressing the confusion between the terms 'gender' and 'sex'.
- Preserving the language and words that exclusively define women and girls.
- Examining the conditions of Filipino women and girls who are same-sex attracted and women who identify as 'transgender men' as members of the LGBTQ+.
- Raising the issue of transvestic fetishism among 'transgender women' or men who identify as women and are seeking inclusion in women-only spaces.
- Examining fetishism among men in general in the context of women's rights and its implications on women's autonomy and dignity.
- Addressing the impact of pornography trends and consumption that resulted in transvestic fetishism among 'transgender women' or men who identify as women.
- Addressing the revisionist narratives surrounding the history of Filipino women.
- Addressing the intimidation, cyberbullying attacks, and the usage of derogatory language faced by Filipino women from transgender activists.
- Providing a safe platform for women and girls to speak freely, documenting their experiences through submitted testimonies and personal accounts.

# Call to Action

We, in **Haliya Women Philippines**, stand firm on our advocacy to preserve women's sex-based rights particularly the rights of women and girls in their own spaces. Reaffirming that these rights are fundamental to ensuring that women and girls, as a distinct sex, are fully recognized and prioritized in laws and policies designed to uphold their autonomy.

We call on:

- **Philippine Congress and Local Government Units**
  We urge the members of Congress and local government officials to carefully examine the potential impacts on women's rights of the following laws and bills that recognize or use gender identity as a basis:

  - Ordinance No. 8695 or the Manila LGBTQI Protection Ordinance of 2020
  - SOGIE (Sexual Orientation and Gender Identity Expression) or Anti-Discrimination bill
  - Republic Act No. 11313, The Safe Spaces Act, or The Bawal Bastos Law

  Ensuring that any legislation introduced does not contradict the rights of women and inadvertently undermine their distinct needs as a biological sex.

- **Nonprofit and Voluntary Sectors**
  We urge the nonprofit and voluntary sectors, particularly organizations advocating for women's rights, to explicitly recognize that discrimination, harassment, and violence against women are rooted in their biological sex. Maintaining clarity in addressing these matters is essential to ensuring that the distinct challenges women face as a biological sex are not overlooked or misinterpreted.

- **Local Grassroots Organizations**
  We encourage local grassroots organizations to explicitly recognize biological sex when discussing women's rights in educational initiatives and community engagements. By acknowledging biological sex in these discussions, grassroots organizations can ensure that the distinct needs, vulnerabilities, and experiences of Filipino women and girls are accurately represented and centered particularly within women's groups and spaces created in their name.

- **International Funding Agencies**
  We call upon international funding agencies to prioritize the protection of women's rights based on biological sex in all their funding initiatives. Ensuring that funding decisions are made with a clear understanding of the unique needs

and vulnerabilities of women and girls is essential, above all in areas of safe spaces, healthcare, and protection from violence.

---

## Stand With Us

We at **Haliya Women Philippines** reaffirm our unwavering commitment to the protection and preservation of women's sex-based rights. Together, we stand firm in our belief that the rights and protections belonging to women based on biological sex must be recognized, most of all by the law. If you believe the same, we invite you to stand with us.

Add your name. Stand with Filipino women.

**Sign the Declaration** →

# Deklarasyon ng Haliya Women Philippines

Ang **Haliya Women Philippines** ay isang munting samahan ng mga kababaihang Pilipina na itinatag noong taong 2025. Kami ay isang grupo ng mga boluntaryong kababaihan sa Pilipinas na itinataguyod ang mga karapatan ng mga kababaihan batay sa biyolohikal na kasarian (biological sex), at nakatuon sa pagtatanggol sa kapakanan at kaligtasan ng mga kababaihang Pilipina sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagtingin sa mga karapatan ng kababaihan batay sa biyolohikal na kasarian (biological sex) bilang pangunahing saligan ng mga karapatang pangkababaihan, sa halip na batay sa panlipunang konstruksyon ng kasarian (gender stereotypes) o pagkakakilanlang pangkasarian (gender identity).

- Pagsusulong ng mga karapatan ng mga kababaihang Pilipina at ng mga kabataang babae, lalo na ang mga lesbiyana (lesbian) o mga kapwa-babaeng naaakit sa kapwa babae (anuman ang kanilang pagkakakilanlan) at pagtiyak na sila ay lubos na nakikita, pinakikinggan, binibigyang-respeto, at binibigyang-halaga sa adbokasiyang ito. Mahigpit naming kinikilala na ang oryentasyong sekswal (sexual orientation) ay hiwalay at naiiba sa pagkakakilanlang pangkasarian (gender identity), at sa ganitong pagkilala, kami rin ay sumusuporta sa mga bakla at biseksuwal na mga lalaki.

- Pagsusulong ng mga karapatan ng kababaihan ayon sa biyolohikal na kasarian na nakasalig sa matatag na siyentipikong katotohanan habang tinutugunan ang mga hamong kanilang kinakaharap bilang kababaihan at binibigyang-halaga ang kanilang mga naranasang reyalidad sa buhay.

- Muling pagpapatibay sa kahalagahan ng pagkilala sa biyolohikal na kasarian sa lahat ng larangan at sistemang may implikasyon sa mga kababaihan. Kabilang dito ang mga batas at patakarang pampubliko sa antas pambansa at lokal; mga espasyong eksklusibo para sa mga kababaihan tulad ng mga pribadong palikuran, locker rooms, mga himnasyo, mga dormitoryo, at mga silid-bihisan; mga kategoryang eksklusibo para sa kababaihan sa larangan ng palakasan; pangangalaga sa integridad ng mga gantimpala at mga iskolarship na nakalaan para sa mga biyolohikal na babae; gayundin ang mga espasyong eksklusibo para sa mga kababaihan sa loob ng mga serbisyong pangkalusugan at mga kanlungan.

Bilang isang boluntaryong samahan, ang **Haliya Women Philippines** ay itinatag na may malinaw na pokus sa pagbibigay-diin sa mga sumusunod na paninindigan:

- Bilang isang samahan, hindi kami nakiki-ayon sa anumang ideolohiyang pampolitika. Iginagalang namin na ang bawat tagapag-ambag (contributor) ay may karapatang magkaroon ng sariling pananaw pampolitika bilang kanilang likas na karapatan. Ang

**Haliya Women Philippines** ay nananatiling independiyente, malaya, at hindi kumakatawan sa personal at pampolitikang paninindigan ng mga tagapag-ambag.

- Bilang isang samahan, hindi kami kaanib at naiimpluwensiyahan ng alinmang grupo, organisasyon, partidong pampolitika, ligal na mga kinatawan, mga relihiyosong institusyon, at hindi rin namin kinakatawan ang alinman sa mga ito, ngayon man o sa hinaharap.
- Bilang isang samahan, nag-oorganisa kami upang maging tagapagtaguyod para sa mga tinig ng mga kababaihang Pilipina sa platapormang digital. Tinitiyak namin na ang kanilang mga salaysay, testimonya, at pananaw ay iginagalang at buong pusong naririnig.

---

## Pahayag ng Haliya Women Philippines Hinggil sa Pagpapanatili ng mga Karapatang Pangkababaihan Batay sa Biyolohikal na Kasarian

Bilang isang boluntaryong samahan na nakatuon sa pagtatanggol ng mga karapatang pangkababaihan batay sa biyolohikal na kasarian, naninindigan kami na mahalagang harapin ang agarang hamon ng patuloy na pagsasantabi at paglilimita sa mga karapatang ito sa ilalim ng mga batas at mga patakaran sa buong mundo. Dahil dito, kami ay nakatuon sa mga sumusunod na adbokasiya at layunin:

- Paglalahad sa mga suliranin at pinsalang ipinapataw sa mga kababaihan sa diskursong hinggil sa pagkakakilanlang pangkasarian (gender identity). Pagsusuri sa konteksto kung paano sinimulan, ipinapakahulugan, at ginagamit ang mga terminolohiyang ito. Kasama rin dito ang pagtugon sa kalituhan sa pagitan ng mga terminolohiyang "kasarian" (gender) at "biyolohikal na kasarian" (sex).

- Pagpapanatili sa wika, salita, at mga terminolohiyang eksklusibong naglalarawan at tumutukoy sa mga kababaihan at mga kabataang babae.

- Pagsusuri sa kalagayan ng mga kababaihang Pilipina at mga kabataang babae na naaakit sa kapwa babae, gayundin ng mga kababaihang nagpapakilala bilang 'transgender men' bilang bahagi ng komunidad ng LGBTQ+.

- Pagtataas ng diskurso sa isyu ng transvestic fetishism na ginagawa ng mga ilang lalaking may pagkakakilanlan bilang babae (transgender women) at pagtalakay sa isyu ng pagpipilit ng ilang indibidwal na makapasok sa mga espasyong eksklusibo para sa kababaihan (single-sex spaces).

- Pagsusuri sa fetishism sa pagitan ng mga kalalakihan sa pangkalahatang konteksto ng mga karapatan ng kababaihan, at ang mga implikasyon nito sa awtonomiya at dignidad ng mga kababaihan.
- Pagtalakay sa epekto ng daloy, kalakaran, at pagkonsumo ng pornograpiya sa pagbunsod ng transvestic fetishism sa pagitan ng mga lalaking may pagkakakilanlan bilang babae (transgender women).

- Pagtugon sa mga rebisyonistang naratibo hinggil sa kasaysayan ng mga kababaihang Pilipino.

- Pagtugon sa mga kababaihang Pilipina na nakararanas ng pananakot, cyberbullying, at mga mapanglait na mga pananalita nang dahil sa kanilang pagtutol sa tinatawag na 'gender ideology'.

- Pagbibigay ng ligtas na plataporma para sa mga kababaihan at mga kabataang babae upang makapagsalita nang may kalayaan. Kaalinsabay dito ang dokumentasyon ng kanilang mga karanasan sa pamamagitan ng mga isinumiteng testimonya at mga personal na salaysay.

---

## Panawagan para sa Agarang Pagkilos

Kami, sa **Haliya Women Philippines**, ay matatag sa aming adbokasiyang pangalagaan ang mga karapatan ng kababaihan batay sa biyolohikal na kasarian, lalo na ang mga karapatan ng kababaihan at kabataang babae sa kanilang mga sariling espasyo. Muli naming pinagtitibay na ang mga karapatang ito ay pinakapangunahing batayan sa pagtitiyak na ang mga kababaihan at mga kabataang babae, bilang isang natatanging kasarian, ay ganap na kinikilala at binibigyang-priyoridad sa mga batas at patakarang nilikha upang itaguyod ang kanilang awtonomiya.

Kami ay nananawagan sa mga sumusunod:

- **Kongreso ng Pilipinas at mga Yunit ng Pamahalaang Lokal**
  Hinihimok namin ang mga miyembro ng Kongreso at ang mga lokal na opisyal ng pamahalaan na masusing suriin ang posibleng epekto sa karapatang pangkababaihan ng mga sumusunod na batas na kumikilala o gumagamit ng pagkakakilanlang pangkasarian (gender identity) bilang batayan:

  - Ordinance No. 8695 o 'Manila LGBTQI Protection Ordinance of 2020'
  - SOGIE (Sexual Orientation and Gender Identity Expression) Bill o 'Anti-Discrimination Act'
  - Republic Act No. 11313 o 'The Safe Spaces Act' o 'Bawal Bastos Law'

Hinihimok naming matiyak na ang anumang panukalang batas ay hindi sumasalungat sa mga karapatang pangkababaihan at hindi sinasadyang maliitin ang kanilang natatanging pangangailangan bilang isang biyolohikal na kasarian.

- **Samahang Hindi Pangkalakalan at Boluntaryong Sektor**
  Hinihimok namin ang mga samahang hindi pangkalakalan (non-profit) at ang mga nasa boluntaryong sektor, partikular na mga organisasyong nagsusulong ng karapatang pangkababaihan, na tahasang kilalanin na ang diskriminasyon, pananakit, at karahasan laban sa mga kababaihan ay nakaugat sa kanilang biyolohikal na kasarian.

- **Mga Lokal na Organisasyong Pang-masa**
  Hinihimok namin ang mga lokal na organisasyong nagsusulong ng pag-unlad ng bansa na tahasang kilalanin ang biyolohikal na kasarian kapag tinatalakay ang mga karapatan ng kababaihan sa mga inisyatibong pang-edukasyon at pakikilahok sa komunidad.

- **Mga Pandaigdigang Ahensiya ng Pondo**
  Hinihimok namin ang mga pandaigdigang ahensya ng pondo na bigyang-priyoridad ang proteksyon ng mga karapatang pangkababaihan batay sa biyolohikal na kasarian sa lahat ng kanilang mga inisyatibang pinansyal.

---

## Makiisa sa Amin

Kami, sa **Haliya Women Philippines**, ay muling pinagtitibay ang aming hindi matitinag na paninindigan sa pagtatanggol at pagpapanatili ng mga karapatang pangkababaihan batay sa biyolohikal na kasarian. Nagkakaisa, matatag naming pinaninindigan na ang mga karapatan at proteksyong nakalaan sa mga kababaihan batay sa kanilang biyolohikal na kasarian ay nararapat kilalanin, lalo na sa ilalim ng batas ng Pilipinas. Kung nakikiisa ka sa adhikaing ito, inaanyayahan ka namin makiisa sa amin.

Tumindig. Pumirma. Makiisa sa pagtatanggol ng mga karapatang pangkababaihan.

**Pumirma sa Deklarasyon →**